Pananalangin,
Pag-aayuno, at
Pagtatalaga sa
Kalagitnaan ng Taon

Hulyo
2024

# Set Apart

## Isang Biblikal na Pananaw sa Kabanalan

# Set Apart

Isang Biblikal
na Pananaw
sa Kabanalan

**Panalangin, Pag-aayuno, at Pagtatalaga**
**sa Kalagitnaan ng Taon**
Hulyo 3-5, 2024

VICTORY

© 2024 ng Victory. Reserbado ang lahat ng karapatang pagmamay-ari.

Mga naging bahagi sa pagbuo ng babasahin: Pastor Ernie Aragon Jr., Bishop Manny Carlos, Daisy Cayos, Pastor Michael Custodio, Pastor Ramon Del Valle, Pastor Michael Manahan, Pastor Elijah Minguez, Pastor Andrei Tupas, Madel Vanguardia

Isinalin mula sa lathalaing Ingles ng Victory.

Ang sipi ng Kasulatan, maliban na lamang kung binanggit, ay mula sa Ang Salita ng Dios® (ASND®) Copyright © 2015 ng Biblica Inc. Reserbado ang lahat ng karapatang pagmamay-ari.

Ang mga panalangin at salitang binigkas ng kilalang tao ay isinalin sa Filipino.

May pahintulot ang lahat ng mga lokal na iglesya na ipakopya ang lathalaing ito para sa kanilang paggamit.

Hindi ito ipinagbibili.

**victory.org.ph #ENfast2024**

# Contents


Paghahanda sa Pag-aayuno iv

Ang Aking Plano viii

Panimula:
Ibinukod ng Diyos 1

Unang Araw:
Ibinukod para sa Karangalan ng Diyos 5

Ikalawang Araw:
Ibinukod upang Makapagdisipulo sa
Ating mga Paaralan 9

Ikatlong Araw:
Ibinukod upang Makapagdisipulo sa Ating
mga Komunidad 14

Pagtatapos:
Ibinukod upang Makapagdisipulo sa
Bawat Bansa 19

# Paghahanda sa Pag-aayuno

## Bakit Kailangang Mag-ayuno?

Ang pag-aayuno ay isang espirituwal na gawain na ginagamit ng Diyos upang ipalaganap ang Kanyang kaharian, baguhin ang kahihinatnan ng mga bayan, pasiklabin ang pagbabago, at magdala ng tagumpay sa buhay ng mga tao. Sa simula at sa kalagitnaan ng bawat taon, naglalaan tayo ng oras para sa pananalangin at pag-aayuno upang magpakumbaba sa harapan ng Diyos, italaga ang ating mga sarili sa Kanya, at sama-samang sumang-ayon sa pambihirang tagumpay na nagmumula sa Diyos.

### Si Jesus ay nag-ayuno.

> 1 Pagkatapos nito, dinala ng Banal na Espiritu si Jesus sa ilang upang tuksuhin ng diyablo. 2 Doon ay nag-ayuno si Jesus ng 40 araw at 40 gabi, kaya nagutom siya. **MATEO 4:1–2**

> Bumalik si Jesus sa Galilea na taglay ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu. Kumalat sa lahat ng lugar doon ang balita tungkol sa kanya. **LUCAS 4:14**

Alam ni Jesus na kailangan Niya ng espirituwal na kalakasan upang matupad ang Kanyang layunin. Inihahanda tayo ng pag-aayuno para gawin ang mga ipapagawa ng Diyos sa atin.

### Ang pag-aayuno ay isang pagpapakita ng pagpapakumbaba at paglalaan ng sarili sa Diyos.

> Doon sa tabi ng Ilog Ahava, sinabi ko sa grupo na mag-ayuno kami at magpakumbaba ng mga sarili namin sa presensya ng aming Diyos para hilingin sa kanya na ingatan kami sa paglalakbay, pati ang aming mga anak at mga ari-arian. **EZRA 8:21**

Sa pagpapakumbaba natin sa pamamagitan ng pananalangin at pag-aayuno, natatanggap natin ang biyaya ng Diyos at nalalaman natin kung ano ang nasa puso Niya.

## Ang pag-aayuno ay tumutulong sa atin na maging sensitibo sa Banal na Espiritu.

> Habang sumasamba sila sa Panginoon at nag-aayuno, sinabi ng Banal na Espiritu sa kanila, "Italaga ninyo para sa akin sina Bernabe at Saulo, dahil may ipapagawa ako sa kanila." **MGA GAWA 13:2**

Kung ipagkakaila natin sa ating sarili ang mga likas nating hinahangad at mga makamundong libangan, nagiging sensitibo tayo sa tinig ng Diyos. Magagawa nating ituon sa Diyos ang ating pansin at magpasakop sa kagustuhan Niya.

## Ang pag-aayuno ay nagdadala ng pagbabagong-buhay.

> "Muling itatayo ng inyong mga lahi ang mga lungsod ninyong matagal nang wasak at aayusin nila ang dating mga pundasyon. Makikilala kayo na mga taong tagaayos ng kanilang mga gibang pader at mga bahay." **ISAIAS 58:12**

Makikita sa kasaysayan na bilang tugon sa panalangin at pag-aayuno, ang Diyos ay nagbigay sa mga bansa ng pagbangon at paglaya mula sa pagkawasak. Nakakatulong ang pag-aayuno upang magtagumpay tayo sa pamamagitan ng pananalangin.

## Ang pag-aayuno ay mabuti para sa ating kalusugan.

Dahil sa pag-aayuno, nalilinis ang sistema ng pagtunaw ng pagkain sa ating katawan. Itinuturing ng mga doktor ang pag-aayuno bilang sagot sa ilang *allergy* at sakit. Ang pag-aayuno ay tumutulong sa pagtanggal ng mga hindi magagandang adiksyon.

# Pagpaplano sa Pag-aayuno

> Pagkatapos, sinabi ni Josue sa mga tao, "Linisin n'yo ang inyong sarili dahil bukas ipapakita sa inyo ng PANGINOON ang mga kamangha-manghang bagay." **JOSUE 3:5**

**Manalangin**—Maglaan ng oras sa pagbabasa ng Bibliya bago ang pag-aayuno. Hingin sa Banal na Espiritu na gabayan ka sa iyong mga panalangin. Sa mga susunod na pahina, isulat ang mga ipinapanalangin mo para sa iyong pamilya, mga kaibigan, iglesya, at bayan.

**Magpasya**—Ipanalangin ang uri ng pag-aayuno na gagawin mo at magpasyang gawin ito bago pa man magsimula ang pag-aayuno. Itala ang iyong plano at hingin sa Diyos na tulungan kang maisakatuparan ang planong ito.

**Magsagawa**—Dahan-dahang bawasan ang pagkain ilang araw bago ang simula ng pag-aayuno. Iwasan ang mga pagkaing matamis at mamantika. Iwasan din ang nakakapagod na mga gawain at pakikisalamuha sa mga tao sa linggo ng pag-aayuno. Humanap ng makakasama sa pananalangin sa buong pag-aayuno at ibahagi ang iyong mga *faith goal a*t mga nasagot na panalangin sa kanya. Ipagpatuloy ang pananalangin para sa isa't isa kahit tapos na ang panahon ng pag-aayuno.

*PAALALA: Kumunsulta sa doktor lalo na kung ikaw ay buntis, nagpapasuso, o kaya ay may gamot na iniinom. Kung hindi ka maaaring ganap na mag-ayuno, planuhin kung ano ang pinakamabuting pag-aayuno para sa iyo.*

# Habang Nag-aayuno

> Pero sumagot si Jesus, "Sinasabi sa Kasulatan, 'Hindi lang sa pagkain nabubuhay ang tao kundi sa bawat salita ng Diyos.'" **MATEO 4:4**

**Magtuon ng pansin**—Maglaan ng oras upang sagutan ang debosyonal na ito. Maging handang tumugon sa salita ng Diyos at sa sasabihin ng Banal na Espiritu.

**Manalangin**—Makibahagi kahit isang beses lamang sa mga sama-samang pananalangin sa iyong iglesya. Manalangin para sa iyong pamilya, iglesya, pastor, bayan, paaralan, at mga misyon sa buong linggo.

**Magpalakas**—Sa tuwing oras ng pagkain, magbasa ng Bibliya at manalangin. Uminom ng maraming tubig at magpahinga tuwing may oras. Maging handa sa mga pasumpong-sumpong na panghihina, kawalan ng pasensya, at pagiging mainisin.

# Paghinto sa Pag-aayuno

**Kumain**—Dahan-dahanin ang muling pagkain ng karaniwan mong kinakain. Kailangan ng katawan mo ng panahon para muling matanggap ang dating dami at uri ng iyong pagkain. Simulan sa prutas, mga inumin, salad, at saka kumain ng gulay. Kumain ng maliliit na bahagi lamang sa buong maghapon.

**Manalangin**—Huwag huminto sa pananalangin! Manalig sa katapatan at sa takdang oras na ibinigay ng Diyos. Isapamuhay sa buong taon ang bago mong taglay na pagmamahal sa Kanya. Manampalataya na sasagutin ng Diyos ang mga panalangin mo.

> 14 At may kapanatagan tayo sa paglapit natin sa Diyos, dahil naniniwala tayong ibibigay niya sa atin ang anumang hilingin natin na ayon sa kanyang kalooban. 15 At kung alam nating nakikinig sa atin ang Diyos, alam nating tinatanggap na natin ang hinihiling natin sa kanya. **1 JUAN 5:14–15**

# Ang Aking Plano

### UNANG ARAW

☐ Tubig lang ☐ Sabaw o inumin lang ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang

☐ Iba pa:

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

### IKALAWANG ARAW

☐ Tubig lang ☐ Sabaw o inumin lang ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang

☐ Iba pa:

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

### IKATLONG ARAW

☐ Tubig lang ☐ Sabaw o inumin lang ☐ Agahan, tanghalian, o hapunan lang

☐ Iba pa:

(Mga) Pupuntahang Pagtitipon para Manalangin:

> "Sinasabi ko rin sa inyo na kung magkasundo ang dalawa sa inyo rito sa mundo na ipanalangin ang anumang bagay, ipagkakaloob ito ng aking Amang nasa langit." **MATEO 18:19**

## Kasama Ko sa Pananalangin:

# Nagpapasalamat ako sa Diyos para sa . . .

## Mga nasagot na panalangin

Isulat ang mga magagandang nangyari, nasagot na mga panalangin, at mga aral na natutunan mo sa unang bahagi ng 2024.

# Sa ikalawang bahagi ng 2024, naniniwala ako sa Diyos para sa . . .

## Mga Nais Kong Makamtan para sa Aking Sarili

Espirituwal na Pagbabagong Buhay • Pisikal na Paggaling • Kaunlaran at Kasaganaan • Masaganang Pagbibigay . . .

## Aking Pamilya

Pagpapanumbalik ng mga Nasirang Relasyon • Kaligtasan ng Sambahayan . . .

## Aking Pag-aaral/Trabaho

Kahusayan • Pagtaas ng Posisyon . . .

## Aking Paglilingkod

Paglago ng *Victory group* • Kaligtasan ng mga Kaibigan, Kasama sa Trabaho, at Kamag-aral . . .

# Nangangako akong ipapanalangin ko sina . . .

| Pangalan | (Mga) Ipinapanalangin |
| --- | --- |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

# Nangangako akong mananalangin para sa . . .

## Aking Iglesya

Pamunuan ng Iglesya • Pagkakaloob • Pagdidisipulo . . .

## Aking Komunidad

Mga Paaralan at Institusyong Pang-edukasyon • Lokal na Pamahalaan • Mga Pagkakataon upang Makapaglingkod sa mga Hindi Miyembro ng Iglesya . . .

## Aking Bayan

Mga Opisyal ng Pamahalaan • Espirituwal na Pagbangon • Kasaganaang Pang-ekonomiya • Kaayusan at Kapayapaan . . .



Panimula

# Ibinukod ng Diyos

## Basahin

> "Kayo'y magpakabanal dahil ako, ang PANGINOON ay banal. At kayo'y hinirang ko mula sa ibang mga bansa para maging akin."
> **LEVITICUS 20:26**

Basahin din ang **DEUTERONOMIO 4:5-8; SALMO 24:1; ZACARIAS 8:23.**

## Pag-isipan

Ang tema ng 2024 para sa Every Nation ay kabanalan. Noong Enero ay pinag-isipan natin ang panawagan tungo sa kabanalan. Sa debosyonal na ito, patuloy tayong mag-iisip kung ano ang ibig sabihin nito para sa atin sa mga kanya-kanya nating buhay, pamilya, pati na rin sa ating simbahan, sa ating mga paaralan at sa ating mga komunidad. Habang ipinagdiriwang natin ang katapatan ng Diyos sa atin at sa ating simbahan ngayong taon, alalahanin natin na ang katapatang ito ay tumagal sa lahat ng mga henerasyon. Bilang tugon, ang tangi nating nais ay mabigyan Siya ng karangalan sa bawat bansa.

Ngayon ay magsisimula tayo sa pag-unawa na tinawag tayo ng Diyos upang maging banal o nakabukod. Ito ay interesante dahil maraming katangian ang Diyos na Siya lang ang mayroon at hindi maaaring ibahagi sa ibang tao. Ang Diyos ay bukod na makapangyarihan, nakakaalam ng lahat, at hindi nagbabago. Ngunit hindi Niya kailanman sinabi sa atin na, "Maging makapangyarihan kayo dahil Ako ay bukod

na makapangyarihan" o "Huwag kayong magbabago dahil Ako ay hindi kailanman nagbabago." Ngunit sinasabi Niya na "Maging banal kayo dahil Ako ay banal." Ibig sabihin nito ay ang kabanalan ay isang katangian ng Diyos na maaaring ibahagi sa ibang tao. Ito ay isang katotohanan na pinagtibay sa parehong Luma at Bagong Tipan.

Karamihan sa atin ay iniuugnay ang kabanalan sa katinuan at maging sa kakatwaan. Maaaring iniisip natin na ang mga banal na tao ay kakaiba at kakatwang mga indibidwal na maaaring naninirahan sa isang lugar sa disyerto, sa isang lilib na lugar na malayo sa mundo bilang mga "banal na tao." Ngunit ano nga ba ang ibig sabihin ng Diyos nang sinabi Niyang, "Maging banal kayo dahil Ako ay banal?"

Ang panimulang kahulugan ng banal ay ang pagiging nakahiwalay o nakabukod. Ang pagkakabukod na ito ay may dalawang pananaw: ang pagiging nakabukod sa isang bagay at pagkakahiwalay tungo sa ibang direksyon.

Sa unang pananaw, ibig sabihin nito ay pagkakabukod sa mga nakapaligid sa atin. Kung tungkol ito sa Diyos, ibig sabihin ng kabanalan ay nakabukod na Siya sa kalidad ng Kanyang mga nilikha. Hindi Siya kabahagi nito at ang mga katangian Niya ay malayo sa Kanyang mga nilikha. Kapag nanawagan Siya sa Kanyang mga tao na maging banal, ito ay isang panawagan na maging nakabukod tayo sa pagkatao, pag-uugali, at pamumuhay sa mga nakapalibot na bansang sumasamba sa mga huwad na diyos. Ito ay upang maisalamin Siya ng bayan ng Diyos at maging ilaw tayo sa mga nakapaligid sa atin at mapangunahan natin ang iba na sambahin Siya.

Nagiging posible ang pagkakabukod natin sa mga kaparaanan ng mundo kapag naintindihan natin ang tawag na maging nakahiwalay upang maisakatuparan ang layunin ng Diyos, na siyang pangalawang pananaw ng pagiging banal. Ang pagiging nakabukod para sa Diyos ay nangangahulugan na tayo ay sa Kanya lamang. Tinawag tayo na magkaroon ng tapat na relasyon sa Kanya at mamuhay na para sa Kanya lamang. Kapag nakikita natin ang ating mga sarili na

pagmamay-ari lamang ng Diyos (at hindi ng ating sarili), ang ating mga pag-iisip, mga salita, at mga kilos ay nababago upang mas maisalamin pa Siya.

## Tumugon

Sa anong mga paraan mo naisasalamin ang pagkatao ng Diyos sa mga taong nakapaligid sa 'yo? Anong mga pag-iisip, ugali, at kilos ang kailangan mong isuko sa Panginoon ngayon?

Paano nababago ng ideya na ikaw ay espesyal na pagmamay-ari ng Diyos ang paraan ng pagtingin mo sa sarili? Paano ka nito natutulungan na malampasan ang mga kahirapan at pagsubok sa buhay mo?

## Hakbang ng Pananampalataya

Pag-isipan ang kabutihan at katapatan ng Diyos sa atin bilang iglesya. Tandaan kung ano ang Kanyang mga nagawa at ipakita ang iyong pagpapasalamat para sa Kanyang mga plano at layunin para sa atin habang patuloy tayong nagbibigay karangalan sa Kanya at nagdidisipulo.

## Ama sa Langit,

salamat sa pagpili sa akin na maging Inyong anak, isang sisidlan ng Inyong kabaitan, at bahagi ng Inyong kaharian. Kung malayo ako sa Inyo, hindi ako magiging banal. Hindi ako karapat-dapat ngunit sinagip Ninyo ako at ibinukod para sa Inyong layunin. Nawa'y gabayan ako ng Inyong Espiritu at pangunahan ako tungo sa lahat ng katotohanan habang binibigyan ako ng karunungan, pag-asa, at kapayapaan. Nawa'y lahat ng aking gagawin ngayon at sa araw-araw ay magbigay puri sa Inyo.

Sa Ngalan ni Jesus,

**amen.**



Unang Araw

# Ibinukod para sa Karangalan ng Diyos

## Basahin

> 1 May mga Pariseo at mga tagapagturo ng Kautusan na dumating
> galing sa Jerusalem at nagtipon sa paligid ni Jesus. 2 Napansin nila
> na ang ilan sa mga tagasunod ni Jesus ay hindi naghugas ng kamay
> bago kumain. 3 Ang mga Judio, lalo na ang mga Pariseo ay hindi
> kumakain nang hindi muna naghuhugas ng kamay bilang pagsunod
> sa tradisyon ng kanilang mga ninuno. 4 Hindi rin sila kumakain ng
> anumang nabili sa palengke nang hindi muna nila ginagawa ang
> ritwal ng paglilinis. Marami pa silang mga tradisyong tulad nito,
> gaya ng paghuhugas ng mga kopa, pitsel at lutuang tanso. 5 Kaya
> tinanong siya ng mga Pariseo at ng mga tagapagturo ng Kautusan,
> "Bakit hindi sinusunod ng mga tagasunod mo ang mga tradisyon ng
> ating mga ninuno? Hindi sila naghuhugas ng kamay bago kumain!"
> 6 Sinagot sila ni Jesus, "Tamang-tama ang sinabi ni Isaias tungkol
> sa inyo na mga pakitang-tao. Ayon sa isinulat niya, sinabi ng Diyos
> na, 'Iginagalang ako ng mga taong ito sa mga labi lang nila, ngunit
> malayo sa akin ang kanilang mga puso 7 Walang kabuluhan ang
> kanilang pagsamba sa akin dahil ang mga itinuturo nila ay mga utos
> lang ng tao.' 8 Sinusuway ninyo ang utos ng Diyos, at ang sinusunod
> ay mga tradisyon ng tao." **MARCOS 7:1–8**

Basahin din ang **LEVITICUS 11:44-45; ISAIAS 29:13; JUAN 4:23; COLOSAS 3:17**.

# Pag-isipan

Ibig sabihin ng pagkakabukod ay ang pagiging iba o hindi karaniwan. Kadalasan ay may iba't ibang dahilan, pagganyak o motibasyon, at pananaw ang mga tao sa pagiging nakabukod. Maaaring ang iba ay gustong mangibabaw sa ibang tao at makilala na pinakamagaling sa isang larangan o karera habang ang iba naman ay gustong makilala bilang kakaiba.

Bilang mga nananampalataya, ang ating pangunahing layunin at pagganyak upang maging nakabukod ay ang bigyang-karangalan ang Diyos sa ating mga buhay. Ang ibig sabihin ng pagbibigay karangalan o kaluwalhatian ay ang pagbibigay ng kahalagahan at kabigatan sa isang bagay o tao. Ang ibig sabihin ng pagbibigay karangalan sa Diyos ay ang pagbibigay halaga at paggalang sa Diyos sa bawat aspeto at bahagi ng ating mga buhay. Dahil banal ang Diyos, gusto Niya tayong maging banal at itinalaga para sa Kanya (Leviticus 11:44).

Paano tayo naibubukod para sa karangalan ng Diyos? Sa Marcos 7, tinanong ng mga Pariseo si Jesus upang bitagin Siya. Galing sa sagot ni Jesus ay nabibigyan tayo ng ideya kung ano ang tunay na kahulugan ng pagbibigay-karangalan sa Diyos. Sinabihan sila ni Jesus na sinusubukan ng mga tao na bigyang-karangalan ang Diyos sa kanilang mga salita ngunit hindi gamit ang kanilang mga puso. Sumusubok silang magbigay ng karangalan sa Diyos gamit ang mga salita lamang ngunit malayo naman ang kanilang mga puso sa Kanya. Upang tunay na mabigyang-karangalan ang Diyos, dapat ay buong-puso natin Siyang hangarin at ang kalooban Niya para sa atin. Dapat ay hangarin natin na magkaroon tayo ng tunay, malapit, at intensyunal na ugnayan sa Kanya.

Dagdag pa rito, sinabihan sila ni Jesus na walang kabuluhan ang pagsamba ng mga tao sa Diyos at gumagawa lamang sila ng mga ritwal na walang laman at walang katapatan na pagtangka na sundin ang batas. Habang may halaga naman ang mga ritwal na ito at mga nakagawian, pinalampas ng mga Pariseo ang importansya at puso na

nasa likod ng lahat: ang bigyan ng karangalan at luwalhati ang Diyos. Nabibigyan natin ng karangalan ang Diyos sa ating mga salita at kilos kapag sumamba tayo sa Kanya sa espiritu at katotohanan habang kinikilala natin kung sino talaga Siya (Juan 4:23). Sinasamba rin natin ang Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa Kanyang mga utos. Hindi tayo namumuhay para sa tao kundi para sa Diyos. Ang lahat ng ating gawain ay ginagawa natin upang bigyan ng karangalan ang Diyos at sundin Siya sa paggawa natin ng mga disipulo sa ating mga paaralan, sa ating komunidad, at sa bawat bansa.

## Tumugon

Ikaw ba ay nasa tamang ugnayan sa Diyos? Anong mga bahagi ng iyong buhay ang kailangang maihanay sa Kanyang salita at maisabuhay para sa Kanyang karangalan?

Maglaan ng panahon upang suriin ang mga motibasyon ng iyong puso. Bakit mo nga ba ginagawa ang mga gawain mo? Masasabi mo bang para lang ito sa pagtupad ng mga pansariling kagustuhan o upang mabigyan ng karangalan ang Diyos?

## Hakbang ng Pananampalataya

Isuko mo ang mga bahagi ng iyong buhay na sa ngayon ay hindi nagbibigay ng karangalan sa Kanya. Hilingin na gumalaw Siya sa buhay mo at manalig ka na gagalaw ang Diyos sa pamamagitan mo.

**Hinihiling namin sa Inyo,**
**Banal na Espiritu,**

na ituro Ninyo sa amin ang mga bahagi ng aming mga puso na kailangang isuko sa Inyo. Nawa'y magkaroon kami ng mas malalim na pag-unawa sa Inyong salita upang masunod at mabigyan Kayo ng karangalan sa lahat. Nananalangin kami na ang aming mga puso ay magkaroon ng malalim na ugnayan sa Inyo habang lumalago kami sa aming relasyon sa Inyo. Nawa'y mahanap namin Kayo sa bawat araw at maisalamin namin ang Inyong buhay at grasya sa lahat ng aming makakatagpo.

Sa Ngalan ni Jesus,

**amen.**



Ikalawang Araw

# Ibinukod upang Makapagdisipulo sa Ating mga Paaralan

## Basahin

> 7“Ituro ninyo ito sa inyong mga anak. Pag-usapan ninyo ito kapag
> kayo’y nasa inyong mga bahay at kapag naglalakad, kapag nakahiga,
> at kapag babangon kayo. 8Itali ninyo ito sa inyong mga braso o
> ilagay sa inyong mga noo bilang paalala sa inyo. 9Isulat ninyo ito sa
> mga hamba ng inyong bahay at sa bukana ng pintuan ng inyong mga
> lungsod.” **DEUTERONOMIO 6:7–9**
>
> Nang mamatay ang mga tao sa henerasyong iyon, ang sumunod na salinlahi ay hindi nakikilala ang PANGINOON, maging ang mga ginawa niya para sa Israel. **HUKOM 2:10**

## Pag-isipan

Bilang bayan na pinili ng Diyos—isang maharlikang pagkapari at isang banal na bansa (1 Pedro 2:9)—tayo ay ibinukod para sa Kanya. Ang pahayag na ito ng pananampalataya ay hindi lang para sa ngayon kundi isang bagay na ating hinahangad na yakapin ng bayan ng Diyos para sa mga parating na henerasyon. Ang pagpasa ng katotohanang ito nang matapat at masigasig sa susunod na henerasyon ay

nangangailangan ng makabuluhan at tapat na pagkilos galing sa kasalukuyang henerasyon.

Kahit sa panahon pa ni Moises ay hinihikayat na ang mga magulang na turuan ang kanilang mga anak tungkol sa Diyos tulad ng makikita sa Deuteronomio 6:7-9. Kasama rito ang pangunahing panalangin ng Shema na kinikilala bilang araw-araw na paghayag ng pananampalataya ng mga Hudyo sa parehong ritwal sa umaga at gabi. Ang gawaing ito sa loob ng mga pamilya at komunidad ay may layunin dahil ganito kung paanong ang tuloy-tuloy at sadyang pagdidisipulo ay binibigyang-diin galing sa isang henerasyon tungo sa isa. Ngunit sa pagdaan ng mga taon, maaaring nabigo sila na ipasa ang kaalaman ng pagkatao at mga ginawa ng Diyos.

Ang mga tribo ng Israel ay nakagawa ng malaking pagkakasala nang hindi nila ganap na sinunod ang Diyos. Ang pagkakamaling ito ay nagbunga ng isang bagong henerasyon tulad ng nabanggit sa Hukom 2:10 na nagtakwil sa Panginoon at sumamba sa mga huwad na diyos ng mga taong nakapaligid sa kanila (Hukom 2:12). Sa pagbabagong ito ay nawalan sila ng pananaw sa Diyos at sa kanilang sariling pagkakilanlan na maaaring nagdala sa kanila sa mga kalagayan na may kompromiso.

Habang hindi man tayo ligtas sa mga parehong kabiguan, mayroon tayong kakayahang maiwasan ang mga ito sa ating mga pamilya, mga buhay, at sa loob ng ating simbahan. Pwede nating ipasa ang kaalaman ng kung sino ang Diyos at kung ano ang mga ginawa Niya sa loob, para sa, at sa pamamagitan natin sa susunod na henerasyon.

Bilang isang simbahan, daladala natin ang responsibilidad na sakop ang maraming henerasyon na ipasa ang gabilya o baton—ang mensahe ng ebanghelyo. Dapat ay gumawa tayo ng mga disipulo sa ating mga tahanan, mga paaralan, at kung saan man naroon ang mga kabataan. Ang mga magulang ay mayroong susunod na henerasyon sa kanilang mga tahanan, ang mga guro ay mayroon sa kanilang mga silid-aralan, at lahat tayo ay may mga kamag-anak at mga batang kaibigan na pwede nating abutin. Ang pag-abot sa kanila sa murang

edad sa pamamagitan ng pagdidisipulo na may kasamang ugnayan at mga ugnayan na sakop ang maraming henerasyon ay ilan sa mga dahilan kung bakit pinipili ng mga kabataan na manatili sa simbahan.[1]

Dinidibdib natin ang panawagan na alagaan ang susunod na henerasyon at turuan sila na harapin ang kanilang mga laban. Ang gawain ng Diyos sa ating simbahan ay hindi lamang para sa kasalukuyang henerasyon. Maging masipag tayo sa pagtuturo ng mga Kasulatan, pagbibigay ng malinaw na tuntunin, pagbabahagi ng kaalaman, at pagsasalamin ng pagmamahal at katotohanan ng Diyos sa susunod na henerasyon. Habang pinapaalala natin sa kanila ang matatag na pag-ibig at hindi nagbabagong katapatan ng Diyos, nawa'y patuloy na sumulong ang Kanyang kaharian sa atin at sa pamamagitan natin sa susunod na apatnapung taon at sa susunod pa, galing sa isang henerasyon hanggang sa susunod na henerasyon.

# Tumugon

Ngayong taon, paano naging mabuti at tapat ang Diyos sa 'yo? Paano Siya naging tapat sa iyong pamilya? Paano Siya naging tapat sa iyong lokal na iglesya at sa mas dakilang katawan ni Cristo?

Simula sa iyong pamilya at sa mga nakakahalubilo mo, maaari mo bang maipasa sa susunod na henerasyon ang mensahe ng ebanghelyo?

1 "5 Reasons Millennials Stay Connected to Church," Barna, September 2013, https://www.barna.com/research/5-reasons-millennials-stay-connected-to-church.

# Hakbang ng Pananampalataya

Mag-isip ng isang paaralan na malapit sa iyong puso. Planuhin mo na laging magdasal para sa mga mag-aaral, mga guro, at mga nagtatrabaho sa paaralan na ito.

## Panginoon,

lumalapit kami sa Inyo na may pasasalamat sa puso. Naaalala namin ang Inyong kadakilaan at ang hindi mabilang na paraan kung saan ipinakita Ninyo ang Inyong matatag na pagmamahal. Nawa'y patuloy naming ibahagi ang Inyong pagmamahal at ang Inyong salita sa susunod na henerasyon, upang mas makilala nila Kayo at sumunod sila sa Inyo. Tulungan Ninyo kaming makapagdisipulo ng mga kabataan nang may taos-pusong pagmamahal at grasya. Nawa'y magkaroon sila ng lumalagong ugnayan sa Inyo at sa Inyong mamamayan, at nawa'y maakay nila ang mas marami pang tao palapit sa Inyo . . .

sa Ngalan ni Jesus,

**amen.**

Ikatlong Araw

# Ibinukod upang Makapagdisipulo sa Ating mga Komunidad

## Basahin

> 8 Ngayon, narito ang ilan ko pang bilin sa inyong lahat: Dapat
> magkaisa kayo sa isip at damdamin, at magdamayan. Magmahalan
> kayo bilang magkakapatid. Maging maunawain at mapagpakumbaba
> kayo sa isa't isa. 9 Huwag ninyong gantihan ng masama ang
> gumagawa sa inyo ng masama, at huwag din ninyong gantihan ng
> pang-iinsulto ang mga nang-iinsulto sa inyo. Ang dapat ninyong
> gawin ay manalangin na kaawaan sila ng Diyos, dahil pinili kayo
> ng Diyos na gawin ito, at para kaawaan din niya kayo. 10 Sapagkat
> sinasabi sa Kasulatan, "Ang sinumang nagnanais ng maligaya at
> masaganang pamumuhay ay hindi dapat magsalita ng masama
> at kasinungalingan. 11 Dapat lumayo siya sa masama at gawin ang
> mabuti. Pagsikapan niyang kamtin ang kapayapaan. 12 Sapagkat
> iniingatan ng Panginoon ang matuwid, at sinasagot niya ang mga
> panalangin nila, ngunit galit siya sa mga gumagawa ng masama."
> . . . 15 Alalahanin n'yo na si Cristo ang dapat ninyong parangalan
> at sundin. Dapat lagi kayong handang magpaliwanag sa sinumang
> magtatanong sa inyo tungkol sa pag-asa ninyo. **1 PEDRO 3:8–12, 15**

Basahin din ang **MARCOS 12:30-31; LUCAS 6:27-28; JUAN 13:34-35; 1 PEDRO 3:13-22; 1 PEDRO 4:4-11.**

# Pag-isipan

Sa kanyang sulat, si apostol Pedro ay nagsalita tungkol sa isyu kung paano dapat ang mga simbahan sa Asya Minor ay tumugon sa tumataas na pagpapahirap sa mga Kristiyanong mananampalataya. Ang unang simbahan ay maaaring nag-atubili na abutin ang mga nagpapahirap sa kanila at sabihan ang mga hindi pa nananampalataya tungkol sa kabutihan at kabanalan ng Diyos. Ngunit sila—at tayo—ay hindi dapat umurong sa pagmahal sa mga tao at pagsabi sa kanila tungkol sa magandang balita ng ebanghelyo.

Tulad ng kasabihan na "ang maaasim na salita ay hindi nakakagawa ng kaibigan; ang isang kutsarang pulot ay makakahuli ng mas maraming langaw kaysa sa isang galong suka,"[2] ang mga Kristiyano ay makakaugnay sa iba gamit ang pag-ibig higit pa sa alitan, o kagalakan higit pa sa pakikipagdebate, at grasya higit pa sa relihiyon. Sa kabaitan, kabutihan, pasensiya, at respeto, may mas malaking posibilidad na mas gustuhing makinig ng mga tao sa ebanghelyo ni Cristo. Ang pag-ibig ng Diyos ay dapat makita sa kung paano natin pakitunguhan at tratuhin ang iba. Higit pa riyan, ang paraan ng ating pamumuhay ay nagsasalamin sa ating ugnayan kay Jesus.

Sa ikalawang siglo AD, si Tertullian na isang sinaunang ama ng simbahan ay nagsabi na ang pamahalaang Romano ay nagdududa sa mga simbahang Kristiyano at kung paano sila lumalago. Nagpadala pa sila ng mga espiya sa simbahan upang makita kung ano ang nangyayari. May isang espiya na nag-ulat: "Ang mga Kristiyanong ito ay kataka-taka. Nagtitipon-tipon sila sa isang kwarto na walang laman upang sumamba. Wala silang imahe. May sinasabi silang isa na ang

---

2 "Poor Richard, 1744," Founders Online, National Archives, https://founders.archives.gov/documents/Franklin/01-02-02-0100. [Original source: *The Papers of Benjamin Franklin, vol. 2, January 1, 1735, through December 31, 1744*, ed. Leonard W. Labaree (New Haven: Yale University Press, 1961), pp. 393-400.]

pangalan ay Jesus, na wala naman doon, pero mukang inaasahan nilang dumating anumang oras. At sa totoo lang, mahal na mahal nila Siya at mahal din nila ang isa't isa."[3]

Sa ating mga komunidad, ang mga tagasunod ni Jesus ay nakabukod upang isalamin ang Diyos, ipahayag ang ebanghelyo, at ipakita ang Kanyang pagmamahal. Inuutusan tayo ni Jesus na mahalin ang ating mga kapitbahay at kaaway. Sinabi Niya na malalaman ng mga tao na tayo ay Kanyang mga disipulo kung mahal natin ang isa't isa. Ang pagmamahal ng Diyos ay para sa atin at ating mga kamag-anak, kapitbahay, kaklase, katrabaho, kaibigan, at kahit sa ating mga kaaway at mga taong malayo sa Diyos. Ang gagawin lamang natin ay ang sundin Siya, matapat na lumakbay kasama Siya, at ihayag Siya.

# Tumugon

Pag-isipan ang iyong buhay. Sa tingin mo ba, ang iyong mga salita at kilos ay parang isang galon ng suka o isang kutsarang pulot? Ano sa tingin mo ang ginagawa ng Diyos sa iyong buhay upang bumalik ang mga tao papunta sa Kanya?

Pangalanan ang mga grupo na naiimpluwensyahan mo. Paano mo kaya maisusulong ang kaharian ng Diyos sa iyong komunidad?

---

3 Kirk Lewis, "By Our Love," Dr. Kirk Lewis (blog), February 2022, https://wordpress.drkirklewis.com/by-our-love.

# Hakbang ng Pananampalataya

Itanong sa Diyos at sa ilang mga kaibigan mo sa iglesya kung paano mo maisasalamin ang pag-ibig ng Diyos at kung paano ka magiging isang biyaya sa iyong komunidad.

**Jesus,**

walang anumang salita ang makapagpapahayag ng aking pasasalamat sa Inyo dahil tinanggap at minahal Ninyo ang isang makasalanang tulad ko. Tulungan Ninyo akong maisalamin ang Inyong kabutihan at katapatan sa mga taong nakapaligid sa akin. Ipakita Ninyo sa akin kung ano ang dapat magbago sa akin, at kung ano ang dapat manatili sa aking mga pamamaraan, upang ang iba ay makarinig at tumugon sa magandang balita ng ebanghelyo. Panatilihin Ninyo ako sa hakbang na kasabay ang Inyong Espiritu at bigyan Ninyo ako ng tapang na tumugon nang tuwid habang binubuksan Ninyo ang mga pintuan sa aking komunidad upang makapagpahayag ako ng ebanghelyo at makapagdisipulo. Nawa'y umapaw ang Inyong pagmamahal sa akin upang ito'y umapaw rin sa iba.

**Amen.**



Pagtatapos

# Ibinukod upang Makapagdisipulo sa Bawat Bansa

## Basahin

> 6 Pagkatapos, lumipad ang isa sa mga makalangit na nilalang
> papunta sa akin, may dala siyang baga na kinuha niya sa altar.
> 7 Inilapat niya ang baga sa aking bibig at sinabi, “Hinipo nito ang
> iyong bibig, at wala ka nang kasalanan dahil pinatawad ka na.”
> 8 Pagkatapos, narinig ko ang tinig ng Panginoon na nagsasabi, “Sino
> ang susuguin ko? Sino ang lalakad para sa amin?” Sumagot ako,
> “Narito po ako! Ako ang isugo ninyo.” **ISAIAS 6:6–8**

Basahin din ang **JEREMIAS 1:4-10; MATEO 28:16-20; 2 TIMOTEO 2:20-21**.

## Pag-isipan

Ang Bibliya ay puno ng mga kwento ng mga tao na ibinukod para sa layunin ng Diyos. Ikinukwento ng Isaias 6 kung paano nakatagpo ni Isaias ang kabanalan ng Diyos. Pagkatapos niyang kilalanin ang pagiging makasalanan niya sa harap ng Diyos, ang isang anghel ay lumipad papunta kay Isaias at dinampian ang kanyang bibig gamit ang isang nagbabagang uling na kinuha niya galing sa altar gamit ang mga

sipit. Ito ang nagpalinis kay Isaias. Naalis ang kanyang pagkakasala at nabayaran ang kanyang kasalanan.

Ang salaysay na ito ay nakahanay sa kultura ng mga Hudyo at malinaw na mga pagbabawal ng pagiging marumi na kaugnay ang pagkain, buhay, at pagsamba. Sa naranasan ni Isaias, ang nagbabagang uling na kinuha galing sa altar ay sumasagisag sa nakakalinis na gawa ng Diyos. Siya ay banal, nakabukod, at malaya sa Kanyang nilikha, at pinapabanal Niya tayo. Nakaranas si Isaias ng espirituwal na paglilinis na nag-udyok sa kanya na tumugon nang may buong pagtititwala sa pagkatao ng Diyos at mapagkumbabang kahandaan na maging bahagi ng Kanyang misyon.

Ang kaparehong pangyayari ay nakita din sa buhay ni Jeremias. Bata pa lamang siya nang ipinakita ng Diyos na siya ay ginawang banal. Ang totoo niyan, bago pa man siya isinilang, pinili na siya ng Diyos na maging propeta para sa mga bansa. At kahit natakot si Jeremias na tanggapin ang banal na tawag na ito sa kanyang kabataan, pinagtibay siya ng Diyos sa pagsabing sasamahan siya Nito. Inutusan ng Diyos si Jeremias sa pag-abot ng Kanyang kamay at paghipo sa kanyang bibig. Sa banal na kilos na ito, inihayag ng Diyos na inilagay Niya ang Kanyang mga salita sa bibig ni Jeremias na simbolo ng pagbibigay Niya ng awtoridad sa kanya na ihayag ang mensahe ng Diyos sa mga bansa at kaharian.

Ang mga tagpo nina Isaias at Jeremias sa kabanalan ng Diyos ay umuulit-ulit sa atin ngayon. Sinasabi sa 2 Timoteo 2:20-21 na tayo ay ibinukod bilang banal, kapakipakinabang sa Panginoon at handa para sa bawat magandang gawain. Maisasabuhay natin ito hindi gamit ang sariling abilidad kundi dahil kasama natin ang presensya ng Diyos. Nang inutusan ni Jesus ang mga apostol na magdisipulo sa lahat ng bansa, nagsimula Siya sa pagpapatibay ng Kanyang awtoridad at nagtapos sa katiyakan na Siya ay makakasama nila. Kasama ng Kanyang bayan, kabilang na rito ang ating iglesya, ang Kanyang presensya. Ang taong ito ay nagmamarka ng ika-apatnapung anibersaryo ng katapatan at biyaya ng Diyos sa ating iglesya. Sa

pagpapahayag natin ng pagpapasalamat sa Kanya at sa pagtanaw natin sa mga gagawin pa Niya, nananatili tayong nakatuon sa pagtupad ng Kanyang Dakilang Komisyon.

Ngayon, kahit nasa paaralan man tayo, sa trabaho, sa negosyo, sa pag-aalaga ng tahanan, o nakaretiro na, maaari pa rin tayong lumahok sa pagsulong ng kaharian ng Diyos sa ating bayan at sa bawat bansa.

# Tumugon

Nakatagpo mo na ba ang kabanalan ng Diyos? Ano ang naging epekto nito sa iyong buhay? Kung mayroon mang bahagi sa iyong buhay na kailangan mong gawing banal sa Kanya, maglaan ng panahon na ito ay gawin sa araw na ito.

Sa palagay mo, bakit kaya tayo tinawag na abutin ang ating bayan at ang bawat bansa? Ano sa palagay mo ang papel mo rito?

# Hakbang ng Pananampalataya

Hilingin sa Diyos na sumulong ang Kanyang kaharian sa bawat bansa. Manalangin para sa mga pagkakataon na maging biyaya ka sa isang bayan sa pamamagitan ng pagdarasal, pagbibigay, at pati na pagpunta doon.

**Panginoon,**

bigyan Ninyo kami ng mga pusong nagmamahal sa mga bansa. Nawa'y magkaroon kami ng pagkaawa para sa iba at nawa'y mabigyan ng luwalhati ang Inyong pangalan sa bawat sulok ng mundo. Humihiling kami ng tapang at kalakasan ng loob na umalis sa aming komportableng kalagayan na may pananalig na nauna na Kayo sa amin at kasama namin Kayo. Andito kami na handang maging sisidlan ng Inyong gawain para sa mga bansa, para sa Inyong kaluwalhatian at karangalan . . .

sa Ngalan ni Jesus,

**amen.**

VICTORY

victory.org.ph #ENfast2024